Angelo Vince S. Marfil
UP Department of Political Science
marfil.angelovince10@gmail.com

# Praxis ng rebeldeng pamamahala ng Kilusang Pambansa-Demokratiko at Posibilidad ng Muling Pagbubukas ng Usapang Pangkapayapaan

**Abstrak**

Sa Pilipinas, umiiral ang isang digmaang sibil at, sa ilang bahagi ng kasaysayan, ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gubyerno at mga rebolusyonaryo ng Kilusang Pambansa-Demokratiko. Gamit ang konsepto ng rebeldeng pamamahala (*rebel governance*), tumutugon ang papel na ito sa kakulangan ng iskolarsyip sa rebolusyonaryong gubyerno sa Pilipinas at nagmumuni sa sitwasyong untul *(deadlock)* ng usapang pangkapayapaan. Batay sa kalitatibong panunuri ng nilalaman ng mga artikulo ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines-Southern Tagalog, mula 2019 hanggang 2023 at mga artikulo ng *Ang Bayan* at *Liberation*, isinalarawan ang praxis ng rebeldeng pamamahala ayon sa pag-iral nito sa aspekto ng karahasan, kontrol sa teritoryo, pamamahagi ng rebeldeng serbisyo, at lokal na iniinugang konteksto para sa pampublikong layunin ng rebolusyon. Proposisyon din ng papel na positibo ang epekto ng mataas na pamamahagi ng rebeldeng serbisyo sa posibilidad ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan, na siyang pinaka-ideyal na scenario, dahil nakaangkla iyon sa motibasyon ng kilusang magrebolusyon at magpapalakas sa kanilang puwersa na magtutulak naman sa gubyernong

humarap sa lamesang pangkapayapaan. Mahalaga ang implikasyong teoretikal at praktikal ng pag-aaral na ito sa pagdalumat sa ugnayan ng digmaang sibil at usapang pangkapayapaan na hindi pa gaanong napag-aaralan sa konteksto ng Pilipinas tungo sa pagbabasura ng militaristang kontra-insurhensiya at pagbubuo ng mga mas matatag at demokratikong politikal na institusyon pagkatapos ng armadong tunggalian.

***Mga susing salita:*** rebeldeng pamamahala, *rebel service provision*, rebolusyonaryong gubyerno, usapang pangkapayapaan, Kilusang Pambansa-Demokratiko

## INTRODUKSYON

Ang rebolusyonaryong paggugubyerno ay isa sa mga aspektong hindi masyadong napag-aaralan sa literatura hinggil sa matagalang digmang bayan sa Pilipinas. Maliban sa pag-aaral ni Quimpo (2014) tungkol sa sistema ng rebolusyonaryong pagbubuwis, nakatuon ang mga naunang pag-aaral sa usapin ng Marxismo-bilang-ideolohiya, daynamiks ng mga rebolusyonaryong organisasyon, iba-ibang varayti ng makauring pagsusuri, at paglulugar sa rebolusyonaryong kilusan sa mas malawig na sistemang pampolitika sa Pilipinas (Abinales, 2010; Encarnacion-Tadem & Samson, 2010; Weekley, 2006; Caouette, 2004).

Sa kabila ng kakulangan ng akademikong tuon sa praxis, o teorya at praktika, ng rebolusyonaryong paggugubyerno sa Pilipinas, nananatili ang teoretikal at praktikal na halaga nito. Sa kasalukuyan, lumalago sa Agham Pampolitika ang konsepto ng rebeldeng pamamahala *(rebel governance)* bilang mahalagang salik sa digmaang sibil at usapang pangkapayapaan. Ang kaso ng Pilipinas ay isang hinog na empirikal na batis upang pagyamanin ang kaalaman sa nasabing konsepto at makisangkot sa teoretikal na debate hinggil sa epekto ng rebeldeng pamamahala sa negosasyong pangkapayapaan (Heger & Jung, 2017; Rubin, 2020; Albert, 2023). Dagdag sa teoretikal na halaga ng pag-aaral na ito ay ang praktikal na implikasyon ng kaalaman sa rebeldeng pamamahala sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GPH), partikular na sa tinatanaw na mabuong mga Comprehensive Agreement sa Socio-Economic Reforms at sa Constitutional and Political Reforms (CASER at CAPCR).

Gamit ang kalitatibong panunuri ng nilalaman sa tinipong mga artikulo ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-Southern Tagalog, at

mula sa *Ang Bayan* ng Partido Komunista ng Pilipinas (CPP) at *Liberation* ng NDFP, layunin ng papel na ito na sagutin ang sumusunod na tanong-pananaliksik: Paano hinihiraya at isinasapraktika ng rebolusyonaryong kilusan ang rebeldeng pamamahala sa bansa? Paano nakakaapekto ang pamamahagi ng serbisyo ng rebolusyonaryong gubyerno sa posibilidad ng muling-pagbubukas ng usapang pangkapayapaan ng NDFP at GPH? Batay sa isang orihinal na konseptuwal na balangkas, isasalarawan sa papel ang praxis ng rebeldeng pamamahala ng rebolusyonaryong kilusan. Primaryang argumento rin ng papel na ito na ideyal at may positibong epekto ang pamamahagi ng serbisyo ng kilusan, at rebeldeng pamamahala sa kabuuan, sa usapang pangkapayapaan dahil ito ay nakaangkla sa motibasyon nila na umupo sa lamesa: ang pagpapalakas ng rebolusyonaryong pwersa—na tutuwang sa mga naunang paliwanag na epekto ng usapang pangkapayapaan sa pagpapalakas ng organisasyon at pagpapataas ng *legitimacy* ng kilusan.

Tatalakayin naman sa mga susunod na seksyon ng papel na ito ang konseptuwalisasyon ng rebeldeng pamamahala at ang empirikal na debate ukol sa epekto ng pamamahagi ng serbisyo ng mga rebeldeng pamahalaan sa proseso ng usapang pangkapayapaan. Pagkatapos nito ay isasakonteksto ang praxis ng rebolusyonaryong gubyerno sa perspektiba ng rebolusyonaryong kilusan at tatalakayin ang resulta ng pagsusuri sa nilalaman ng mga pahayag ni Patnubay de Guia at mga artikulo sa *Ang Bayan* at *Liberation* bilang tugon sa mga inilatag na tanong-pananaliksik. Sa huli ay magbibigay ng kongklusyon at implikasyon ng papel na ito.

## PAGKOKONSEPTUWALISA SA REBELDENG PAMAMAHALA

Umuunlad ngayon sa literatura ng Agham Pampolitika ang konsepto ng rebeldeng pamamahala[1]. Bunga ito ng pagkilala na ang pamamahala ay hindi na lamang monopolyo ng estado kundi isang posibleng paraan ng pakikipagtunggali ng mga rebelde o rebolusyonaryong organisasyon sa konteksto ng digmaang sibil o rebolusyon (Arjona, Kasfir, & Mampilly, 2015). Ayon kay Kasfir (2015, p. 42-43), integral na kondisyon ng rebeldeng pamamahala ang paggamit sa karahasan, pagkontrol sa teritoryo, at

1 Ginagamit sa papel na ito ang rebeldeng pamamahala bilang pinagtutuunang konseptuwal na dalumat sa halip na rebeldeng pamahalaan dahil sa kahirapang maobserbahan ang huli tungo sa mas matibay na pagsusuring kawsal (Kasfir, 2015). Sa kabila ng konseptuwal na kaibhan ng dalawa, maaari pa ring magbigay-liwanag ang rebeldeng pamamahala sa ideya ng isang rebolusyonaryong pamahalaan na hinihiraya at nais itatag ng mga rebolusyonaryong pwersa sa bansa dahil esensyal na bahagi ng isang rebolusyonaryong gubyerno ang rebeldeng pamamahala.

pakikitungo sa mga sibilyan doon na "inoorganisa para sa isang pampublikong layunin". Halimbawa, sa kaso ng Pilipinas, iginigiit ng mga rebolusyonaryo na nakapagtatag sila ng mga rebeldeng pamahalaan, bilang esensyal na bahagi ng matagalang digmaang bayan, sa mga larangang gerilya na kanilang kontrolado at nagpapatupad ng mga ispesipiko at pangkalahatang programa na magsusulong sa rebolusyon (panayam kay Marco Valbuena, 2023).

Kahalintulad din kay Kasfir (2015) ang depinisyon nina Keister at Slantchev (2014, p. 1) kung saan tinukoy nila ang "*coercion, service-provision, and ideological positioning*" bilang kaparaanan ng pamamahala ng mga rebelde. Interesanteng pagtuunan sa nasabing mga depinisyon ang *service-provision* o pamamahagi ng serbisyo. Ayon sa pag-aaral ni Stewart (2017, p. 18), ang pamamahagi ng serbisyo, tulad ng edukasyon at kalusugan, ng mga rebeldeng grupong nais magbuo ng estado ay may positibong epekto sa pagpapamalas nito ng kasarinlan at nakatutulong sa pangmatagalang layunin nito. Tumutugma ang empirikal na obserbasyong ito sa teoretikal na punto ni Mao Zedong sa *On Guerilla Warfare* (1937) na "dahil ang pakikidigmang gerilya ay, sa batayan, nagmumula sa masa at suportado nila; hindi ito iiral o uunlad kung hiwalay ito sa simpatya at pakikipagtulungan ng masa" na mayroong naiaambag at natatamasa mula sa rebeldeng pamamahala.

Ang ganitong relasyon sa pagitan ng mga rebelde at sibilyan ay itinuturing ni Wickham-Crowley (1987, p. 478) bilang "panlipunang kontrata" sa pagitan ng dalawa bunsod ng nabubulok na awtoridad ng namamayaning estado.[2] Aniya, inaasahan ng mga sibilyan sa mga rebelde na mapamahalaan ang mga aspektong panseguridad, administratibo, at panserbisyo na susi sa higit na pagiging lehitimong gubyerno nito. Ayon naman sa pagsusuma ni Hawes (1990), ang mga pag-aalsa ay dulot ng materyal na insentibo batay sa *rational choice*, makauring pagtutunggali at nagbabagong relasyong makauri sa kanayunan, at ang paglakas ng mga komunal at kolektibong koneksyon ng mga komunidad sa kabila ng isang *market economy* mulang *moral economy*. Argumento ni Hawes (1990, p.

2 Sa madaling sabi, ang panlipunang kontrata ay isang mutwalistang kasunduan sa pagitan ng lipunan at estado na nakaangkla sa tatlong mayor na elemento: pagpayag o *consent,* pagtatakda ng karapatan at responsibilidad, at kapangyarihang alisin ang estado. Sa liberal na tradisyon, ang pagbabago sa estado ay dapat sang-ayon sa batas at mapayapang paghahalal ng gubyerno. Samantala, sa radikal na tradisyon, ang pagbabago ng estado ay nakasalalay sa rebolusyon. Ayon kay Wickham-Crowley (1987), ibinibigay ng mga rebelde sa mga sibilyan ang mga bagay na hindi na maibigay ng nabubulok na estado tulad ng depensa sa mga panlabas na kaaway, internal na kapayapaan at kaayusan, at pagpapaunlad ng materyal na seguridad gaya ng pamamahagi ng serbisyo.

297) na ang pesanteng Pilipino na nag-aalsa ay rasyunal at moral dulot ng umiigiting na makauring tunggalian na naglalantad sa represibong katangian ng estado. Kung tutuusin, maaaring ituring ang mga akda nina Wickham-Crowley at Hawes bilang kinatawan ng ideya ng radikal na panlipunang kontrata na nagbibigay-tuon sa rebolusyon bilang daluyan ng relasyon ng masa at kilusan. Sa obserbasyon ni Rubin (2020, p. 483), kung mas mahirap ang lugar ay pinalalakas ng kolektibong aksyon ng komunidad ang kontrol ng mga rebelde habang humihina naman ang kontrol sa mga lugar na naabot pa ng serbisyo ng estado. Magkakaugnay ang mga teoryang ito bilang suporta sa dayalektikal (i.e. makauring tunggalian at kontradiksyon ng estado at bayan) at materyal (i.e. ekonomiko) na batayan ng mga rebelyon at rebolusyon.

Sa pangkalahatan, may iba't ibang kaparaanan kung paano namamahala ang mga rebelde. Ayon kay Teiner (2022), ilan sa mga ito ay pagtatatag ng mga politikal na institusyon at estrukturang organisasyunal, pagkontrol sa produksyon, pamamahala sa buhay sibilyan, pagkakaloob ng serbisyong pampubliko, pagpapalakas ng *legitimacy*, pagpapaunlad sa diplomatikong pakikipagrelasyon ng mga rebelde, at simbolikong pamamahala. Giit naman nina Loyle, Cunningham, Huang, at Jung (2023, p. 271), manipis pa ang mga pag-aaral sa magiging epekto ng rebeldeng pamamahala sa sitwasyon matapos ang sigalot, sa kabila ng halaga nito (tingnan si South, 2017). Sa papel na ito, nakatuon ang pagsusuri sa praxis ng pagbubuo ng mga politikal na institusyon (i.e. rebolusyonaryong pamahalaan) at pamamahagi ng serbisyong pampubliko dahil ang mga ito ay mahalaga sa konteksto ng usapang pangkapayapaan sa Pilipinas. Sa kontekstong Pilipino, ang dalawang kaparaanang nabanggit ay mahigpit na kaugnay ng CASER at CAPCR na tiyak na magsilbing fremywork ng mga batayang repormang politikal at sosyo-ekonomiko kung sakaling magtagumpay ang mga negosasyon.

## AYUDA O ABALA?:
## REBELDENG PAMAMAHALA AT USAPANG PANGKAPAYAPAAN

Iginiit nina Loyle at kanyang mga kasama (2023) na ang usapin ng rebeldeng pamamahala ay maiuugnay sa usapin ng digmaang sibil at pagbubuo ng estado (*statebuilding o state formation*). Ayon kina Péclard at Mechoulan (2015, p. 6), dapat aralin ang mga institusyong kumokontrol sa politika sa kurso ng digmaan bilang susi sa pagtatatag ng matatag na mga institusyong politikal matapos ang digmaang sibil. Sa kaso ng Pilipinas, isa sa mga institusyong hindi masyadong napag-aaralan ay ang mga binhi ng rebolusyonaryong gubyerno na itinatag sa mga larangang gerilya na binansagan ng kilusan bilang organo ng kapangyarihang pampolitika (OKP).

Samakatuwid, makatutulong ang pag-intindi sa rebeldeng pamamahala tungo sa pagbubuo ng mga inklusibo, kung gayon, demokratikong institusyong politikal sa pamamagitan ng dalawahang landas ng baril (i.e. matagalang digmang bayan) at lamesa (i.e. usaping pangkapayapaan).

Gayunman, may umuusbong na isang empirikal na debate sa literatura kaugnay ng epekto ng pamamahagi ng serbisyo, na isang elemento ng rebeldeng pamamahala, sa posibilidad, tatag, at tagumpay ng usapang pangkapayapaan. Sa isang panig, may mga iskolar na nagsasabing ang mga rebeldeng grupo na namamahagi ng serbisyo (lalo na ang edukasyon, pagtugon sa sakuna, at serbisyong pampubliko) ay mas posibleng makipagnegosasyon at maging matatag iyon dahil maiiwasan ng isang matatag na organisasyon ang mga naninira rito (Heger & Jung, 2017, p. 1223). Liban sa pagpapalakas ng organisasyon, ang pamamahagi ng serbisyo ay nagpapalakas rin ng *legitimacy* ng isang rebeldeng grupo na magtutulak sa estado at mga internasyunal na grupo na kilalanin ito at makipag-usap (Stewart, 2017). Ganito ang kaso ng mga armadong grupong etniko sa Myanmar kung saan nakikipagtulungan sa kanila ang mga namimigay ng donasyon mula sa ibang bansa dahil kinikilala ang kanilang kapangyarihan at *legitimacy* sa mga eryang kanilang kontrolado at may epekto iyon sa kondukta ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng huntang militar at mga nagrerebelde (South, 2017). Sa pinakaubod, positibo ang epekto ng rebeldeng pamamahala sa usapang pangkapayapaan dahil pinalalakas nito ang rebeldeng organisasyon, *legitimacy*, at nagkakaroon sila ng kalakasan o *leverage* sa usapan.

Sa kabilang panig naman, ipinagpapalagay na negatibo ang epekto ng pamamahagi ng rebeldeng serbisyo sa tagumpay ng usapang pangkapayapaan dahil sa takot ng gubyerno sa lumalakas na suporta ng mga sibilyan sa mga rebeldeng namamahagi ng serbisyo at sa '*strategic stalling'* kung saan taktikal na pinipigil o binabagalan ng mga rebelde at/o gubyerno ang usapang pangkapayapaan upang makamit ang kanilang pangmatagalang layunin (Sticher, 2021; Albert, 2023). Kung gayon, negatibo ang epekto ng pamamahagi ng serbisyo sa tagumpay ng usaping pangkapayapaan dahil sa problema sa pagtalima sa proseso ng parehong panig: natatakot ang gubyerno na muling lumaban ang mga rebelde at ang mga rebelde naman ay hindi mabilisang tinatapos ang pakikipagnegosasyon dahil hindi pa hinog ang ganansya mula sa rebeldeng pamamahala.

Kung ilalapat ang debateng ito sa kontekstong Pilipino, mas akmang paliwanag para sa Kilusang Pambansa-Demokratiko ang naunang kampo dahil sa tatlong kawsal na mekanismo: iniiwasan nito ang mga internal na naninira, nagpapalakas ito ng *legitimacy* ng isang rebolusyonaryo–hindi terorista–na grupo, at nasa lohika at teorya ng pakikipagnegosasyon ng

mga rebolusyonaryo ang pagpapalakas ng kapangyarihan hindi lamang sa larangang militar kundi pati sa aspektong sosyo-ekonomiko at politikal na tinutugunan ng rebeldeng pamamahala. Bagaman may mahalagang teoretikal na punto ang negatibong panig, hindi ito lapat sa kaso ng Pilipinas dahil ang problema sa *commitment* ng gubyerno sa usapang pangkapayapaan ay mas nakafreym sa usapin ng tagisang militar (hal. pagbali sa tigil-putukan o hindi pagsang-ayon sa mga kondisyong inilalatag ng mga rebelde para magsimula ang usapan) at, maski mayroong *trade-off,* ang pamamahagi ng serbisyo ay hindi ito itinuturing ng kilusan bilang kaagaw ng taktikang militar kundi katuwang nito. Kaya't ang pamamahagi ng serbisyo, bilang sukat ng rebeldeng pamamahala, ay ayuda sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan.

## MAOISTANG IDEYA NG REBOLUSYONARYONG GUBYERNO

Isa sa mga layunin ng mga rebolusyonaryong pwersa sa bansa ay makapagtatag ng isang demokratikong gubyernong bayan (NDFP, 1973; CPP, 2016). Ayon sa 12-puntong programa ng NDFP, ang gubyernong ito ay isang "demokratikong koalisyong gubyerno na nagsusulong at isinasakatuparan ang kagustuhan at interes ng mamamayan". Nagsisilbi itong nagkakaisang prente ng mga demokratikong pwersa at nakasalalay sa saligang alyansang manggagawa-magsasaka (NDFP, 1973). Ang gubyernong ito rin ay naglalayong ibagsak ang lipunang malakolonyal at malapiyudal at gumagana sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Nakabatay ito sa Maoistang pananaw na ang "rebolusyonaryong pakikidigma ay pakikidigma ng masa; maisasagawa lamang ito sa pagpapakilos at pagsalig sa masa" at isang kasangkapan upang magtagumpay ito ay ang pagtatayo ng isang rebolusyonaryong gubyerno sa mga pinalayang pook (Mao, 1934).

Sa konteksto ng usapang pangkapayapaan ng NDFP at GPH, nananatiling matatag ang pagkapit ng mga rebolusyonaryong pwersa sa paghahangad nitong magtatag ng sariling gubyerno at umagaw ng kapangyarihang pang-estado. Habang hindi maisasantabi sa daloy ng mga usapan ang pagpapatuloy ng digmang bayan sa panig ng NDFP, isa sa mga adyenda nito ang pagbabalangkas sa CAPCR na magsilbing freymwork para sa pagbubuo ng bagong sistema ng gubyerno, politika, at halalan pagkatapos ng digma. Gayunman, habang nagpapatuloy ang digmaang sibil, patuloy rin ang pagtatatag ng mga lokal na gubyernong bayan alinsunod sa konsepto ng rebolusyonaryong kilusan. Ani nga ni Jose Maria Sison (1991), "the strategic line of national democratic revolution is the NDF's strategic line for a just and lasting peace," kung saan primaryang porma pa rin ng pakikibaka ang armadong pakikibaka—posisyong hindi tinatanggap ng

estado na nais magbitiw muna ng armas ang mga rebolusyonaryo bago sana makipag-usap at makipagkasundo (OPAPRU, w.p.).


Batay sa dokumentong *Gabay sa Pagtatatag sa Demokratikong Gubyernong Bayan* (1977), itatatag ang pambansang antas ng gubyerno sa panahon ng tagumpay ng rebolusyon habang hakbang-hakbang namang itinatayo ang mga OKP sa mga lugar na nakokontrol ng mga rebolusyonaryo na kadalasan ay antas baryo, inter-baryo, at munisipalidad. Ibinahagi ni Marco Valbuena (panayam, 2023), tagapagsalita ng CPP, na "masasabi na saanman nakatayo ang mga larangang gerilya ng BHB ay may nakatayong kung ilampung o ilandaang mga OKP". Ang mga OKP ay nagsisilbing lokal na gubyerno at kumikilos sa pamamagitan ng limang mayor na kumite nito sa organisasyon, edukasyon, ekonomiya, depensa, at kalusugan. Ilan sa mga partikular na tungkulin ng OKP ay pagpapahusay ng depensa at internal na kaayusan, pagpapatupad ng reporma sa lupa at pagpapabuti sa hanapbuhay, pagsasagawa ng mga programa sa kalusugan, edukasyon, at kultura, paglahok sa hukumang bayan, at pagsuporta at paglahok sa rebolusyon (PADEPA, 2005, p. 5-6). Ito ang hitsura ng binabanggit ni Wickham-Crowley (1987) na (radikal na) kontratang panlipunan sa pagitan ng mga rebelde at masa. Gayunman, "ang lokal na [ODKP] ay hindi (lantay na) organong pangunahi'y administratibo kundi organo ng rebolusyon." (PADEPA, 2005, p. 12).

Ibig sabihin, ang rebeldeng pamamahala, at ang usapang pangkapayapaan sa kabuuan, ay mahigpit na nakatali sa buong balangkas ng pakikidigma at hindi maipaghihiwalay. Kung gayon, ang pamamahagi ng rebeldeng serbisyo ay pagsusulong din ng armadong rebolusyon na siyang maaaring magpalakas sa NDFP sa pag-upo nito sa lamesang pangkapayapaan, kung sakaling salubungin ng gubyerno dahil lalong tumataas ang *legitimacy* nitong igiit ang estadong *belligerent* o isang soberano at kinikilalang pwersang nakikidigma. Dagdag pa, ang pagpapatuloy ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) ay halimbawa ng alternatibong daan sa kaunlaran na tumutunggali sa deka-dekadang bangkaroteng modelo ng neoliberalismo (Sison, 2012).

Sa pangkalahatan, ang Maoistang ideya ng rebolusyonaryong gubyerno at pamamahala ay may tatlong saligang katangian. Una, ito ay isang esensyal na rebeldeng institusyon na nagsisilbi sa pangmatagalang layunin ng matagalang digmang bayan. Pangalawa, sa aspektong heyograpikal at organisasyunal, masasabing may partikular na antas ito ng pagiging sopistikado at organisado. Pangatlo, malinaw sa balangkas ng rebolusyonaryong programa at adyenda sa usapang pangkapayapaan ang pangangailangan ng tunay na demokratikong gubyernong bayan

kaya’t mahalagang aralin ang rebeldeng pamamahala dahil sa mahalagang implikasyon nito sa muling-pagbubuo ng mga institusyong politikal matapos ang sigalot (Loyle atbp., 2023). Gayunman, dapat maging malay na ang praxis ng rebeldeng pamamahala ay hindi nakabatay sa iisang ideya lamang sapagkat binalikat nito ang napakaraming kontradiksyon na siyang naging batayan ng pagpapaunlad nito at laboratoryo ng mga pagtutunggalian ng linya, ideya, at teorya sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan.

Upang makatulong sa pagsusuri ng mga nakalap na datos, binuo ang isang orihinal na konseptuwal na balangkas na nakabatay sa integrasyon ng mga banyagang konsepto sa nagdaang seksyon at Maoistang ideya ng rebeldeng pamamahala ng Kilusang Pambansa-Demokratiko (Pig. 1).




*Sanggunian: NDFP, 1973; Sison, 1991; Wickham-Crowley, 1987; Keister at Slantchev, 2014; Kasfir, 2015; PADEPA, 2019; Reiner, 2022; Loyle, Cunningham, Huang, at Jung, 2023)*

**Pig. 1. Konseptuwal na Balangkas ng Rebeldeng Pamamahala**

**DATOS AT METODO**

Kinolekta at sinuri ang datos sa pag-aaral na ito mula sa tinipong mga artikulo patungkol sa Demokratikong Gubyernong Bayan mula Hunyo 2019 hanggang Marso 2023 na inilathala ng *Kalatas*, opisyal na rebolusyonaryong pahayagan sa Timog Katagalugan. Ang mga artikulo ay tugon ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-Southern Tagalog, sa iba't ibang aspekto ng pagtatayo ng rebolusyonaryong gubyerno at usapang pangkapayapaan. Mayroong 16 na artikulo ang materyales na pumapaksa sa mga sumusunod na usapin: pambansang soberanya, kultura, programa sa ekonomiya, politika, at sosyo-kultura, karapatan at kapakanan ng mga bata, kalamidad, usapang pangkapayapaan, pambansang industriyalisasyon, kalusugan, demokratikong karapatan, pandaigdigang pakikibaka, pambansang minorya, patakarang panlabas, rebolusyonaryong pagbubuwis, hamon sa mga lingkod bayan, at ang papel ng NDFP sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Sinuri rin ang piling mga artikulo ukol sa DGB na nasa *Ang Bayan* at *Liberation* mula 2017 hanggang 2022.

Pinili ang mga artikulong ito bilang batis ng datos sa tatlong batayan. Una, sentral na paksa ng mga ito ang rebolusyonaryong gubyerno na tuon ng pag-aaral. Pangalawa, itinutulay ng freyming ng mga artikulo ang talakayan sa papel ng rebeldeng pamamahala at reyalidad ng digmaang sibil at usapang pangkapaypaan na tinukoy nina Loyle at kanyang mga kasama (2023) bilang isang produktibong sityo ng pananaliksik. Pangatlo, sapagkat inilathala sa mga rebolusyonaryong pahayagan, mula sa loob ang boses, pook, paninindigan, at kaisipan na ipinahahayag ng mga mensahe na sumasalamin sa teorya at praktika ng kilusan sa iba't ibang isyu.

Ginamit ang kalitatibong panunuri ng nilalaman (*qualitative content analysis)*, isang "sistematikong pagsasalarawan ng kahulugan ng isang materyal" (Schreier, 2012, p. 3), bilang metodo ng panunuri ng datos dahil sa deskriptibong katangian ng pananaliksik. Binuo ang isang *coding frame* (Tal. 1) batay sa konseptuwal na balangkas sa itaas. Primaryang ibinatay ito sa depinisyon ni Kasfir (2015) sa rebeldeng pamamahala bilang nakasalalay sa tatlong kondisyon ng karahasan, kontrol sa teritoryo, at pamamahagi ng serbisyo bilang pananda ng pakiki-ugnay sa mga sibilyan. Sinusuhayan din iyon ng mga Maoistang ideya ng rebeldeng pamamahala gaya ng detalyadong kaugnayan nito sa digmang bayan at usapang panagkapayapaan.

Mano-manong ikinategorya ang mga artikulo ayon sa kondisyong pinakatampok sa kanilang mensahe. Mula roon ay pinag-iba naman ang "haraya" at "praktika" sa bawat artikulo. Inilakip din ang binuong *coding frame* (tingnan sa Apendise A) na naglalaman ng mga kategorya,

kahulugan, at pinaghalawan ng mga konseptong ginamit. Pagkatapos maisalarawan ang praxis ng rebeldeng pamamahala ay pinalawig naman ang panimulang proposisyon na positibo ang epekto ng pamamahagi ng rebeldeng serbisyo sa usapang pangkapayapaan sa pamamagitan ng ilang pag-uugma ng praxis ng rebeldeng pamamahala sa batayang katangian ng usapang pangkapayapaan sa pananaw ng rebolusyonaryong kilusan at paghahambing nito sa iba pang posibleng scenario ayon sa tyansa ng pagkakaroon ng negosasyon at antas ng pamamahagi ng serbisyo.

## RESULTA AT DISKUSYON

Hindi maikakaila na umiiral ang mga saligang kondisyon ng rebeldeng pamamahala ng rebolusyonaryong kilusan batay sa empirikal na datos. Mababatid sa kanila ang kontrol sa teritoryo, banta o aktuwal na karahasan, at pakikitungo sa sibilyang populasyon sa pamamagitan ng pamamahagi ng serbisyo, o *coercion, ideological positioning*, at *service-provision,* at ang organisado at sopistikadong pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) na may salimbayang taktikang armado at di-armado (Sison, 2012; Keister & Slantchev, 2014; Kasfir, 2015; PADEPA, 2019). Lahat ng mga elementong ito ay lumitaw sa mga artikulong sinuri. Esensyal sa ideya ng rebeldeng pamamahala ang diyalektikal na ugnayan ng masa at rebolusyonaryong kilusan. Kaya naman, ani ni Valbuena (2023) sa isang panayam na "dapat batid [ng masa] na ang usaping ng paggugubyerno ay hindi lamang para sa mga halal na upisyal, kundi usapin na pang-masa… upang maging buhay ang demokrasya". Sa huling pagsusuri, ang praxis ng rebeldeng pamamahala ay tumatanaw sa kasaysayan, kasalukuyan, at hinaharap ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.

### *Karahasan, Teritoryo, at Serbisyo: Pagsasalarawan sa Praxis ng Rebeldeng Pamamahala*

Ang tandisang layunin ng DRB ay ibagsak ang imperyalismo, piyudalismo, at burukrata-kapitalismo na sumasagka sa tunay na kapayapaan at kaunlaran sa bansa at hawanin ang kondisyon tungo sa isang estadong pinamumunuan ng uring proletaryado. Magmumula sa ganitong master freym ang lente na ginamit ng mga artikulo ukol sa pagtatayo ng demokratikong gubyernong bayan. Mainam na bigyang-tuon sa pagsusuri ang mga elemento ng karahasan, teritoryo, serbisyo, at lokal na konteksto upang isalarawan ang rebeldeng pamamahala.

Ang usapin ng karahasan, o banta nito, ay nakapaloob sa pag-iral ng rebeldeng pamamahala. Sentral sa tatlong elemento ng DRB ang armadong pakikibaka na nagpapahintulot sa pagbubuo ng baseng masa at rebolusyong agraryo (PADEPA, 2019). Halimbawa, sa pagpapatupad ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa, ang karahasan ay nagpapalakas sa masa—mula sa hukbong bayan, milisyang bayan, at yunit-pananggol-sa-sarili—na magbuo ng isang base ng Pulang kapangyarihan (PADEPA, 2005). Ani nga sa *Liberation* (2021), "three-pronged tasks that complement each other and guarantee the victory of the people's war" ang karahasan ng armadong pakikibaka, pagbubuo ng baseng masa, at pagpapatupad ng rebolusyong agraryo. Sa madaling salita, kung saan may mga rebolusyonaryo, tiyak ang karahasan at banta nito.

Ang rebolusyonaryong karahasan ay ginagamit ng kilusan upang tiyakin ang kontrol sa isang teritoryo bilang espasyong kontra-gahum. Sapagkat kontra-agos, sa antas pambansa ay tumitindig ito sa isang anti-imperyalistang posisyon na gumigiit sa ating pambansang soberanya. Sa partikular, ito ay nasa hitsura ng pagpigil sa mga imperyalistang pandarambong ng mga minahan, trosohan, at plantasyon, pagpapalakas sa mga sona at larangang gerilya, at pagdadagdag ng mga lokal at rehiyunal na suri sa pambansang sitwasyon. Ang kontrol sa teritoryo ay nagtitiyak sa mga kongkretong tagumpay ng rebolusyon sapagkat nakaangkla ang tagumpay na iyon sa pagpalibot ng mga rebolusyonaryong puwersa sa kanayunan patungong kalunsuran.

Tinalakay ni de Guia ang usapin ng teritoryo sa limang artikulo ukol sa pambansang soberanya (2019), pandaigdigang pakikibaka (2020), pambansang minorya (2020), patakarang panlabas (2021), at permit to campaign/campaign access fee o PTC/CAF (2022). Hiniraya ng mga ito ang kontrol sa teritoryo bilang paggigiit ng ating pambansang kasarinlan, na nakabalangkas sa pandaigdigang proletaryong pakikibaka, at pagkilala sa karapatan sa sariling pagpapasya tungo sa pagbubuo ng isang pambansang-antas na rebolusyonaryong gubyerno mula sa ilalim. Isinapraktika naman ang mga ideyang ito sa 2017 borador ng NDFP ng CASER, pakikipag-ugnayan nila sa iba't ibang bansa, partido, kilusan, at organisasyon, pagbubuo ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng mga katutubo, pangangalap ng internasyunal na suporta at pag-oorganisa ng mga migrante, at paglalatag ng mga kondisyon sa pagpapatupad ng PTC/CAF.

Halimbawa, sentral na diskurso sa CASER ng NDFP ang anti-imperyalistang tindig kaugnay ng pagsasabansa ng mga industriya, kolektibisasyon at reporma sa lupa ng mga panginoong maylupa, burgesyang-komprador, dayuhang plantasyon at korporasyon, paggalang

sa kalikasan na madalas sinisira ng dayuhang minahan o trosohan, pagbabasura sa mga tagibang na tratado at kasapian sa mga organisasyon, at pagkakaroon ng isang nagsasarili at nakatitindig-sa-sariling pambansang ekonomiya. Sapagkat anti-imperyalista, pandaigdigang laban ito kung saan nangangalap ang kilusan ng suporta at mga alyado mula sa mga *solidarity groups* sa ibayong-dagat, pati na rin sa mga migrante na inoorganisa nito sa ilalim ng Compatriots at CPP International Department, pakikipagpalitan ng karanasan at palitang pagsasanay-militar sa iba pang mga rebolusyonaryong kilusan gaya ng mga Naxalites sa India, at pagtataguyod sa pagkilala sa katayuang nakikidigma ng NDFP at kilalanin ang rebolusyonaryong gubyerno ng iba pang bansa (Quimpo, 2014, de Guia, 2021).

Sa loob ng bansa, binubuo ng kilusan ang organisasyon ng mga pambansang minorya gaya ng Kadumagetan para sa mga Dumagat at Remontado sa Quezon at Rizal, Mindoro sa mga Mangyan sa Isla ng Mindoro, Supok sa mga Palaw'an at Cuyunin sa Palawan, Revolutionary Organization of the Lumad, at Moro Resistance Liberation Organization sa Bangsamoro dahil sa pagkilala nito sa natatanging kasaysayan, teritoryo, at potensyal ng pambansang minorya sa rebolusyon (Makalipay, 2017). Sa mga larangang gerilya, ang pagpapatupad naman ng PTC/CAF at rebolusyonaryong pagbubuwis ay paraan din ng paggiit sa pagka-lehitimo at pagpapatakbo ng rebolusyonaryong gubyerno sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon, mga klinikang bayan, paghahanda at pagtugon sa kalamidad, at pagpapaunlad ng produksyon. (Conde, 2001, nasa Quimpo, 2014, p. 277; Gambao, 2017, p. 42). Kaugnay ng reporma sa lupa, naiulat ang pagkumpiska ng NPA ng 44,146 ektaryang lupa noong 2017 kung saan 16,605 ektarya sa Masbate ang ipinamahagi sa 5,000 magsasaka, 12,000 ektarya sa Gitnang Visayas at Negros, at 2,541 ektarya sa Mindoro. Tinatayang aabot sa higit isang milyong pamilya ang nakinabang sa rebolusyonaryong reporma sa lupa ng kilusan (Castro, 2017).

Ang mga nabanggit ang mga porma ng praktika kaugnay ng kontrol sa teritoryo ng kilusan na hindi lamang porma ng pagwasak ng namamayaning kaayusan kundi porma rin ng pag-angkin sa isang espasyo tungo sa isang rebolusyonaryong transformasyong panlipunan. Mas pinadadali kasi ng tindi ng rebolusyonaryong karahasan at tatag ng kontrol sa teritoryo ang pamamahagi ng rebeldeng serbisyo. Kung hindi magsisinsin sa pagtangan ng gawaing masa kasabay ng gawaing militar, hindi magiging konsolidado ang kilusan. Ani Rutten, (1996, p. 119), "where NPA activists are unable to operate, mass support for the NPA remains negligible." Dagdag pa ni Rubin (2020, p. 483), mas malakas ang kilusan sa mga eryang mahina ang kontrol ng estado dahil sa kakayanan nitong organisahin ang kolektibong pagkilos ng komunidad. Integral na bahagi ng digmang bayan ang mismong bayan.

Kaya naman, mahahalagang mga paghihiraya ang mababatid sa mga artikulo ukol sa pamamahagi ng serbisyo, pagtatatag ng mga rebeldeng institusyon para rito, at popular na paglahok at pangangasiwa ng masa sa mga ito (Kasfir, 2015). Ilan sa mga ito ang pagsusulong ng mga lokal na industriya, pagresponde sa kalamidad, kalusugan, edukasyon, kultura, pagbubuo ng mga politikal na institusyon, pagtataguyod ng mga karapatan, pagbubuo ng mga organisasyong masa, pangangalaga sa kaayusan at kapayapaan, paglaban sa ilegal na droga, at pagpapatupad ng sistema ng katarungan at paglilitis (Castro, 2017; Liberation, 2017; de Guzman, 2018; Gambao, 2018; Liberation, 2018; de Guia 2019; de Guia, 2020; Liberation, 2021). Ang mga rebeldeng serbisyong ito ang binansagan ni Kasfir (2015) na pakikitungo sa sibilyang populasyon sa loob ng sonang rebelde, o sa Maoistang lenggwahe ay pagbubuo ng baseng masa. Umaambag ang ganitong gawain sa organisado, sopistikado, at multi-taktikal na mga paraan ng pagsusulong ng DRB at usapang pangkapayapaan sa bansa.

Mahihinuha sa mga artikulo ang tatlong malalaking tema at konteksto na pinatatampok ng mga ito: matagalang krisis panlipunan, ang digmang bayan, at usapang pangkapayapaan. Para kay de Guia (2019), ang mga rebolusyonaryong programa (hal. Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan ng CPP at borador ng CASER ng NDFP) ay sumasalamin sa adhikain ng mamamayan at kanilang ideya ng matiwasay na lipunan. Sa praktika, makikita sa lahat ng artikulo ang pag-uugat ng mga problemang panlipunan sa malakolonyal at malapiyudal na krisis. Ani Sison (1968), ang malakolonyalismo ay tumutukoy sa pagiging nakadepende ng Pilipinas sa imperyalismong Estados Unidos at ang malapiyudalismo ay tumutukoy sa paglambong ng mga kapitalistang elemento ng imperyalismo sa lumang piyudal na moda ng produksyon tungo sa pagkakamal yaman ng naghaharing-uri at imperyalista. Ang ganitong sistemang panlipunan ay nagdudulot ng labis na kahirapan, kawalan ng kaunlaran *(underdevelopment)*, at matagalang krisis sa ekonomiya, politika, kultura, at iba pa.

Bunsod nito, ipinaglalaban ng kilusan ang pagbagsak ng lipunang malakolonyal at malapiyudal sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Para kay de Guia (2023), instrumento ang rebeldeng pamamahala upang "itatag ang binhi hanggang konsolidahin ang kanilang kapangyarihang pampolitika at itatag ang isang tunay na demokratikong gubyernong bayan" na nakabatay sa pagsusulong ng armadong pakikibaka bilang primaryang porma ng paglaban. Diyalektikal ang ugnayan ng armadong pakikibaka at pagbubuo ng baseng masa dahil kapwa pinalalakas (o pinahihina) nito ang isa't isa depende sa pag-unlad ng sitwasyon. Ang usapang pangkapayapaan ay tinukoy din niya bilang isang "arena ng paglaban" bagaman segundaryo ito sa armado.

Sa pagitan ng kontradiksyon ng malakolonyal at malapiyudal na krisis at kalutasang dulot ng DRB, nasa ubod ng praxis ng kilusan sa rebeldeng pamamahala ang pagtalunton sa ikid na ito. Ayon sa pag-aaral nina Heger at Jung (2017), estadistikal na mahalaga ang pamamahagi ng edukasyon, pagtugon sa kalamidad, at pamamahagi ng serbisyong pampubliko ng mga rebelde sa posibilidad at tatag ng usapang pangkapayapaan.

Para sa kilusan, haraya ang libre at pampublikong edukasyon na magsisilbing mapagpalayang institusyon na papawi sa kamangmangan at pang-aapi at magsusulong ng "pambansa, siyentipiko, at makamasang kultura" (de Guia, 2019). Isinasapraktika ito sa balangkas ng isang rebolusyong pangkultura sa pambansa-demokratikong yugto ng rebolusyon, paglikha ng mga kultural na materyal gaya ng mga awit at akdang pampanitikan, at pagtatayo ng mga paaralan pati ang kampanyang literasiya-numerasiya (o mas kilala sa kolokyal na litnum). Kahalintulad ang danas ng Tsina noong panahon ng Rebolusyong Pangkultura na nagbunsod ng mga reporma at demokratisasyon ng edukasyon buhat ng pagbasag sa burgis-liberal na katangian nito upang bigyang-lakas ang masa (Han, 2008). Sa Pilipinas, nagsasagawa ang mga rebelde ng mga kampanyang litnum sa mga sonang gerilya sa Kabikulan, nagmomodyul sa mga estudyante sa liblib na lugar, naglelektyur ang mga Pulang mandirigma, at inaral din sa hanay ng mga kadre at kasapi ng kilusan sa Isabela ang pagbabasa, malikhain at teknikal na pagsusulat, pagsasalita, agham, at kasaysayan sa tulong ng iba't ibang pedagohikal na metodo, pag-uugnay ng mga aralin sa produksyon, at pagbubuo ng mga talasalitaan, at paglangkap ng edukasyong pampolitika sa mga programa sa pag-aaral (Guda, 2007; Ang Bayan 2022a; Ang Bayan 2022b).

Pinatutunayan din ng karanasan ng kilusan ang halaga ng pagtugon sa kalamidad sa pamamagitan ng paghahanda sa sakuna (*disaster preparedness)* at pagtugon sa mga sinalanta *(disaster relief)*. Minomobilisa ang mga organisasyong masa at mga OKP para sa pangangalap ng pagkain, gamot, tubig, at mga kagamitan mula sa mga masa at alyado, pagbubuo ng mga brigada para sa *emergency relief*, at pagkukumpuni ng mga nasirang bahay. Nagkakaroon din ng mga pulong bayan at kampanyang edukasyon na nagpapaliwanag sa epekto at panganib ng mga kalamidad, pag-iikot ng kinatawan ng OKP para magpalikas, at pagbubuo ng mga komite sa kalamidad na mangunguna sa pagtugon ng kilusan sa isang partikular na erya. Posible rin ang pagpapatupad ng mga lokal na tigil-putukan at pakikipag-usap sa mga lokal na reaksyunaryong pamahalaan upang kagyat na makatugon sa mga nasalanta ng kalamidad gaya ng ginawa matapos ang Bagyong Yolanda (Ang Bayan, 2019).

Ang pagtugon sa kalamidad ay hindi maihihiwalay sa polisiya ng kilusan na pangalagaan ang kalikasan. Inuugat ni de Guia (2020) at mga artikulo sa *Ang Bayan* ang tumitinding kalamidad sa kasalukuyang moda ng produksyon na nakatuon sa mapaminsalang paghuthot sa kapaligiran tungo sa supertubo ng mga imperyalista at kanilang mga kasabwat. Sinasalamin ito sa CASER na nais baligtarin ang ganoong kalakaran sa pamamagitan ng reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon, pangangalaga sa likas-yaman at kalikasan, at paggalang sa karapatan. Sa mga larangang gerilya, hakbang-hakbang ng pinag-eeksperimentuhan at ipinatutupad ang mga probisyon ng CASER bilang patunay na posible itong maipatupad kung mapagkakasunduan (Felipe, 2018).

Isa pa sa mga mauunlad na erya ng serbisyo ng kilusan ay ukol sa sistemang pangkalusugan. Halaw sa karanasan ng mga "*barefoot doctors"* sa Tsina at mahusay na sistemang Cubano, hinihiraya ng CASER ang pagpapaunlad ng isang komprehensibo at pampublikong healthcare system, pamamahagi ng libre at subsidyo sa mga gamot at serbisyong medikal, pagpapatigil sa pribatisasyon, at pagprayoritisa sa prebensyon, maayos na nutrisyon, at pagpaplano ng pamilya. Kung susuriin ang praktika ng kilusan, kabilang dito ang pagbubuo ng mga komite sa kalusugan at kuwerpo ng mga rebolusyonaryong manggagawang pangkalusugan, pagsasagawa ng mga kampanyang edukasyon at pagsasanay sa *first-aid, acupuncture,* batayang kasanayang medikal, kaalaman sa halamang gamot at paggawa ng gamot na herbal, pangangalaga sa maysakit, *psychocounseling* at *therapy*), paglulunsad ng mga kursong Batayan, Intermedya, at Abanteng Pagsasanay Medikal sa mga medik ng NPA, kampanyang kalinisan at sanitasyon, pagtatanim ng mga halamang gamot, gulay, at prutas, at pagsasagawa ng mga klinikang bayan. Mayroon din silang isinulat na librong-gabay tungkol sa mga ito na pinamagatang Batayang Oryentasyon sa Kasanayang Pangkalusugan (BOKP) mula sa CPP Health Bureau.

Sa praktika, ayon sa ulat ng *Ang Bayan* (2020) at *Liberation* (Makalipay, 2021) isinagawa ang isang klinikang bayan sa Gitnang Negros para sa higit 1,000 magsasaka sa pagputok ng pandemyang COVID-19 noon kung saan nagkaroon ng mga *check-up,* pamamahagi ng gamot at bitamina, at pagtuturo sa masa hinggil sa pandemya. Naiulat din ng *Ang Bayan* (2020) ang pag-uugnayan ng OKP at NPA sa 17 baryo sa Samar sa pagbubuo ng mga patakarang pangkalusugan, pasilidad-kwarantina, at kilinikang bayan upang agapayan ang produksyon ng makakain at maiwasan ang pagkalat ng sakit sa pamamagitan ng mga grutul o grupong tulungan.

Maliban sa pamamahagi ng materyal na serbisyo, kinikilala rin ng kilusan ang pangangailangang buuin ang mga kondisyong magtitiyak sa mga ito gaya ng pagsusulong ng demokratikong karapatan ng mga mamamayan

at mga bata. Batid ni de Guia (2019) na bunsod ng pagiging bulnerable ng sektor ng kabataan, kailangan igalang at protektahan ang kanilang mga karapatan at kapakanan sa pamamagitan ng pagbabawal sa *'child soldiers'* sa NPA at pagtataguyod ng 1990 Convention on the Rights of the Child bilang pagtupad sa 1996 Declaration of Undertaking to Apply the Geneva Conventions Protocol I at Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Binibigyang-diin din niya (2020) ang mahabang kasaysayan at kahalagahan ng pagtitiyak sa demokratikong karapatan ng mamamayan bilang batayang kondisyon ng isang demokratikong lipunan. Sa katunayan, nakasaad sa Gabay sa Pagtatatag ng Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) ang mga pundamental na karapatan ng mamamayan gaya ng pagkakapantay-pantay, karapatan sa pagboto, malayang pagsasalita, pamamahayag, at asosasyon, karapatang maghanapbuhay, libreng edukasyon, at karapatang magtipon-tipon at magreklamo sa pabayang awtoridad. Sa mga sonang gerilya, nakatindig ang mga institusyon gaya ng pangkalahatang pulong ng taumbaryo, komite sa depensa, komite sa organisasyon, at mga hukumang bayan upang tiyakin ang pagpapatupad ng mga karapatang ito. Ipinatutupad din sa loob ng mga larangan ang sistema ng mga batas at regulasyon at sistema ng imbestigasyon at paglilitis na nakabatay sa mga kodipikadong batas at alituntunin na batay sa otoridad ng rebolusyonaryong kilusan (Liberation, 2018; Gambao, 2018).

Ang mga nabanggit na komite, na kabahagi ng OKP, ay nakaugat sa mas malaki at matagalang proyekto ng kilusan na magbuo ng isang pambansang-antas na DGB; sa kabila nito, kabilang sa mga estratehiya ang pagkilos sa loob ng mga reaksyunaryo at burges na institusyon gaya ng gubyerno. Tinalakay ito ni de Guia (2022) sa konteksto ng papalapit na burges eleksyon kung saan kinilala ang patuloy na paglahok doon ng masa habang kinikilala ang mga kontradiksyong maaaring samantalahin. Aniya, ang mga kandidatong nakaupo sa burges na gubyerno, mula barangay pataaas, ay dapat magbigay benepisyo sa pagpapalakas ng mga OKP at mga kampanyang masa ng kilusan. Maaari silang sumuporta sa paraang materyal, moral, o politikal.


Mas ilustratibo ang mga naratibong nasa *Ang Bayan* (2019a; 2019b; 2020; 2021a; 2021b). Halimbawa, itinatag ang OKP sa Brgy. "Sugar" sa Caraga kung saan lampas 1,000 Lumad at magsasaka sa pitong sitio ang nagsagawa ng eleksyon para sa mga pinuno ng OKP at sama-samang bumuo ng isang-taong plano at mga resolusyon. Sa "Delta Serra" sa Mindanao, "itinuturing nilang isang malaking rebolusyonaryong tagumpay na napamamahalaan mismo nila ang pinanday nilang gubyerno". Noong 2020 naman, naiulat ang 25% pagtaas ng mga komiteng rebolusyonaryo

sa baryo na magiging bag-as ng mga OKP sa Lambak Cagayan habang patuloy ang pagpapalawak at gawaing rekoberi a kabila ng mabigat na operasyong militar doon (Liberation, 2021)

Primaryang tinilad ang pagsasalarawan sa itaas batay sa mga nakatindig na freymwork mula sa labas, lalo na kay Kasfir (2015), ukol sa rebeldeng pamamahala bilang nakabatay sa karahasan, teritoryo, at pakikitungo sa mga sibilyan. Gayunman, dapat bigyang-diin ang lokal na konteksto, sa kabila ng kakulangan ng mga empirikal na pag-aaral at kalat-kalat na kaayusan ng teorya ng kilusan, ukol sa rebeldeng pamamahala. Sa huling suri, batay sa karanasan ng kilusan, ang teorya at praktika ng rebeldeng pamamahala ay hindi maihihiwalay sa pagsusulong ng DRB at usapang pangkapayapaan dahil pinalalakas nitong higit ang kilusan mula sa loob patungong labas.

*Serbisyo sa sambayanan: Pamamahagi ng rebeldeng serbisyo at usapang pangkapayapaan*

Batay sa tinalakay sa mga nagdaaang seksyon, umiiral ang debate ukol sa epekto ng pamamahagi ng rebeldeng serbisyo sa usapang pangkapayapaan. Proposisyon ng papel na ito na positibo ang epekto ng rebeldeng serbisyo sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan dahil pinalalakas nito ang *leverage* ng rebolusyonaryong kilusang makipagnegosasyon kung nasasapol nila ang motibasyon ng kanilang pakikibaka.




**Pig. 2. Modelo ng epekto ng serbisyo sa usapang pangkapayapaan**

Batay sa isang artikulo ni de Guia (2020) sa sinseridad ng NDFP, mahihinuhang may anim na mayor na katangian ang pananaw ng rebolusyonaryong kilusan sa usapang pangkapayapaan sa GRP:

1. Laging bukas at sinsero ang NDFP dahil nais nitong lutasin ang mga ugat ng kahirapan na imperyalismo, piyudalismo, at burukrata-kapitalismo.
2. Tinatanggap at sinusulong nito ang *mutually agreed principles at substantive agenda* na inilatag sa 1992 The Hague Joint Declaration.

3. Armadong pakikibaka ang primaryang porma ng paglaban ngunit ang lamesang pangkapayapaan ay isa ring "arena ng paglaban".
4. Ang negosasyon ay tungo sa pangmatagalan at makatarungang kapayapaan, hindi kapitulasyon.
5. Dapat magkaroon ng *confidence-building measures* (hal. *third-party observers,* neutral na lugar ng usapan, pagpapalaya ng mga konsultant at lider, at pagbabasura sa militaristang patakaran sa kontra-insurhensiya).
6. Kung sarado ang pormal na negosasyon, paigtingin ang lahat ng tipo ng pakikibaka upang itulak na mabuksan itong muli.

Mula sa mga nabanggit na prinsipyo, ang pamamahagi ng serbisyo ay magpapataas sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan ayon sa una at ikaanim na katangian. Bagaman noong Nobyembre 2023 ay nagpahayag na ng pagiging bukas ang kasalukuyang gubyernong Ferdinand R. Marcos Jr. sa pormal na usapang pangkapayapaan, nananatili sa sitwasyong untul ang proseso ng negosasyon ng NDFP at GPH magmula 1992[3]. Sa kabila nito, ang deklarasyon ng kasalukuyang administrasyon. ay

3 Naunang nagkaroon ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng kilusan at administrasyong Corazon Aquino pagkatapos ng EDSA I. Tanging 60-araw tigil-putukan lamang ang napagkasunduan. Lalong umalagwa ang usapan sa termino ni Pangulo Fidel Ramos kung saan napirmahan ang The Hague Joint Declaration (THJD) noong Setyembre 1, 1992 na nagsilbing kabuuang freymwork ng usapang pangkapayapaan at mahahalagang adyenda nito. Noong 1998 ay napirmahan ang Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) nina NDFP Chairman Mariano Orosa at GPH President Joseph Estrada. Matapos ang EDSA II, muling binuksan ni Gloria Macapagal-Arroyo ang pormal na usapan sa NDFP, katuwang ang Royal Norwegian Government bilang *third-party facilitator* na kabahagi ng proseso hanggang ngayon, at nabuo ang isang Joint Secretariat of the Parties ng NDFP at GPH noong 2004. Naudlot ang usapan dahil sa pagtindi ng planong kontra-insurhensiya na Oplan Bantay Laya na layong pilayin ang kilusan. Sa panahon naman ni Benigno Aquino III, bagaman nagkaroon ng mga pag-uusap ang dalawang partido ay inilarawan ito ng mga lider ng kilusan bilang yugto na walang nakamit dahil prekondisyon ng GPH na magkaroon muna ng tigil-putukan bago pag-usapan ang mga sosyo-ekonomikong reporma, tinawag nilang walang silbi ang THJD at "dokumento ng walang katapusang pagkakahati", at propaganda umano ng NDFP ang CARHRIHL kasabay ng papatinding Oplan Bayanihan. Sa simula ng termino ni Duterte, naging bukas ito sa pormal na usapan at pinalaya ang 18 bilanggong politikal, kabilang na ang mga lider ng CPP na sina Benito Tiamzon at Wilma Austria. Sa kabila ng atras-abanteng proseso, mahalagang nakaabot sa ika-5 round ng usapan ukol sa CASER ang mga panig hanggang sa ito'y pinutol ni Duterte kasabay ng pagdedeklara ng militaristang solusyon sa rebolusyon. Sa administrasyon naman ni Marcos Jr., nilagdaan ng dalawang panig ang Oslo Joint Communique noong Nobyembre 2023 na nagpapahiwatig sa pagiging bukas nilang mag-usap at pumasok sa isang pormal na negosasyon (Liberation, 2017; Liberation, 2017; OPAPRU, w.p.).

isang positibong hakbang upang umusad ang pormal na negosasyon. Sa panig naman ng kilusan, ang pamamahagi ng serbisyo (na pananda ng lakas ng rebeldeng pamamahala nito) ay nagsisilbi sa motibasyon nitong lutasin ang ugat ng armadong tunggalian sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at lamesang pangkapayapaan. Kung lumakas ang kanilang organisasyon, tumaas ang *legitimacy* at *leverage,* na posibleng matulak ang GPH na humarap sa kanila sa lamesa.

Kung titingnan ang dayagram (Pig. 3) sa ibaba, pinag-ugnay ang antas ng pamamahagi ng rebeldeng serbisyo at tyansa ng usapang pangkapayapaan. Kapag mataas ang rebeldeng serbisyo at tyansa ng usapan, pinaka-ideyal na scenario ang muling pagbubukas ng usapan sa pagitan ng GPH at NDFP. Sa perspektiba ng kilusan, hindi naman kaaya-aya ang tatlong iba pang scenario. Una, malinaw ang pagtanggi ng kilusan sa kapitulasyon na siya namang nais ng gubyerno. Ganito ang naging kaso ng mga Maoista sa Nepal kung saan isinuko nila ang armadong pakikibaka sa negosasyong pangkapayapaan.[4] Pangalawa, hindi rin ideyal sa kapwa gubyerno at kilusan ang scenario na mas masaklap na sigalot kung mababa ang rebeldeng serbisyo at tyansa ng usapan. Kung ganito ang sitwasyon, mababawasan ang *legitimacy* kapwa ng gubyerno at kilusan at maaaring magdulot ng mas matinding kaguluhan na walang alternatibong moda ng paglutas. Pangatlo, lalong hindi katanggap-tanggap ang scenario ng mas mabangis na kontra-insurhensiya dahil titindi ang atake sa mga lambat o *network* ng rebolusyonaryong kilusan at paglabag sa karapatang pantao sa mga sonang gerilya at lipunang sibil.[5] Kagaya ito ng nangyari sa Oplan

---


Sa kabuuan, ang kasaysayan at praxis ng kilusan sa pag-upo sa lamesang pangkapayapaan ay kinatatangian ng, una, hindi pagtalima sa kapitulasyonistang linya sa pamamagitan ng tigil-putukang walang patutunguhan. Pumapayag ang kilusan sa tigil-putukan, bilateral man o makaisang-panig, basta't may batayan ito. Pangalawa, sentral na pagtatagpuan ng dalawang panig ang THJD at mga prinsipyo nito. Pangatlo, may pagkilala dapat sa estadong nakikidigma o *co-belligerency*. Pang-apat, hindi nakahiwalay ang proseso ng usapang pangkapayapaan sa pangkalahatang balangkas ng demokratikong rebolusyong bayan. Dayalektikal ang ugnayan ng dalawang taktika.

4 Kahalintulad sa Nepal, kung saan tinahak ng mga komunista ng *Communist Party of Nepal* ang landas na parlamentaryo at elektoral matapos ang kanilang pagsuko, nahulog sa patibong ang mga Sandinista ng *Frente Sandinista de Liberación Nacional* (FSLN) sa Nicaragua noong 1989 at natalo sa eleksyon noong 1990. Kahalintulad din ang nangyari sa mga rebelde ng *Farabundo Marti Liberación Nacional* (FMLN) noong 1992. Para kay Sison (nasa Jalandoni, 2017), "If you accept the judicial and legal system of the reactionary government as de facto, and you do not assert the judicial and legal system of your revolutionary movement as ALSO de facto, you may fall into the danger of capitulation!" Nagbigay-aral ang mga ito sa linya ng hindi pagsuko sa negosasyon ng kilusan sa Pilipinas.

5 Para kay Satur Ocampo (2011), dating pinuno ng NDFP panel at beteranong lider ng Kaliwa, kapwa mabibigo ang militarista at konstitusyonal na lapit ng GPH sa kapayapaan

Bantay Laya ni Gloria Macapagal-Arroyo kung saan maski nakabangon ang kilusan sa kahibangan, kamalian, at biyakan nang nakaraan ay labis itong binigwasan ng terorismo ng estado.

Sa huling suri, ang pamamahagi ng serbisyo ay masasabing may positibong epekto dahil pinalalakas nito ang organisasyon (i.e. iniiwasan ang mga naninira sa kapayapaan), tumataas ang *legitimacy* ng kilusan sa publiko, at lumalakas bilang rebolusyonaryong pwersa na magtutulak sa gubyerno na harapin sila sa paraang diplomatiko. Implisito sa pamamahagi ng serbisyo ang paglakas ng kilusan (sapagkat kailangan para rito ang lakas ng armas at mahusay na kontrol sa teritoryo). Kung lumalakas ang kilusan dahil sa pamamahagi ng serbisyo, maaaring magbukas at maging matatag ang negosasyong pangkapayapaan (Sison, 2012; Heger & Jung, 2017; Stewart, 2017). Gayunman, kinakailangan ng iba pang panukat at metodo upang sukatin ang epekto ng rebeldeng pamamahala sa tagumpay ng usapang pangkapayapaan sa Pilipinas. Ang argumento sa papel na ito ay patungkol lamang sa positibong epekto ng rebeldeng serbisyo sa *muling pagbubukas* ng usapang pangkapayapaan.




**Pig. 3. Mga posibleng scenario batay sa tyansa ng negosasyon at antas ng rebeldeng serbisyo**

at magbubunga ng sitwasyong untul dahil hindi nito kinikilala ang mga karapatan at kapantay na katayuan ng dalawang panig na nag-uusap sa lamesang pangkapayapaan. Ang dalawang lapit na ito ay ginagamit ng GPH sa NDFP kaugnay ng pakikipagnegosasyon. Bumwelta naman ang NDFP na ituon ang negosasyon bilang lunsaran ng pag-uusap sa mga ugat ng armadong tunggalian at hindi pagkakataon upang ilako ang kapityulismo, sa dahas man o payapa, sa mga rebolusyonaryo.

## KONGKLUSYON

Umuusbong sa Agham Pampolitika ang konsepto ng rebeldeng pamamahala bilang sariwang paliwanag sa mga problemang kaugnay ng digmaang sibil at usapang pangkapayapaan. Batay sa kalitatibong pagsusuri ng mga artikulo ni Patnubay de Guia, *Ang Bayan*, at *Liberation* naipakita na umiiral sa Pilipinas ang rebeldeng pamamahala dahil ang mga rebolusyonaryo ay may banta o paggamit ng karahasan, may kontroladong teritoryo, nakikitungo't pinakikilos ang masa para sa pampublikong layunin ng rebolusyon, at angkop sa lokal na konteksto ng praxis ng rebolusyonaryong kilusan. Naipakita ring positibo ang epekto ng rebeldeng serbisyo, ideyal pa nga sa mga posibilidad, sa usapang pangkapayapaan dahil pinalalakas nito ang kapangyarihan ng kilusan sa lamesang pangkapayapaan na magtutulak sa gubyernong makipag-usap sa mga rebolusyonaryo.

Sa usaping teoretikal, mahalaga ang pag-aaral na ito upang tugunan ang kakulangan ng iskolarsyip sa rebolusyonaryong gubyerno sa bansa at sa panawagang pagmunihan ang papel ng mga institusyong nabuo sa gitna ng digmaang sibil sa konteksto pagkatapos ng digmaan (Loyle atbp., 2023). Binibigyang-diin din ng pag-aaral ang rebolusyonaryong proyekto ng *state-building* bilang integral na bahagi ng proseso ng *space-making*, o ang pagtransforma ng isang lugar tungo sa isang espasyo na may ganap na ugnayan, halaga, at kontra-pag-aangkin na gumigiit sa karapatan at kairalan ng isang entidad gaya ng rebolusyonaryong kilusan. Sa usapin ng polisiya, umaasa ang papel na makita ng gubyerno sa Maynila ang halaga ng rebeldeng serbisyo at mga institusyon nito sa pagbubuo ng isang sistemang panlipunan, gubyerno, at estado na tunay na demokratiko sa pamamagitan ng pagtapos sa mga nakabinbing kasunduang pangkapayapaan gaya ng CASER at CAPCR. Maaari ring magamit na batayan ang pag-aaral na ito sa pagtigil sa militaristang kontra-insurhensiya at pagreporma sa mga institusyong politikal tungo sa kapayapaan at paglutas ng mga ugat ng armadong tunggalian.

## MGA SANGGUNIAN

Abinales, P., pat. (2010). *Revisiting Marxism in the Philippines*. Anvil Publishing Inc.

Albert, K. (2023). Rebel institutions and negotiated peace. *Conflict Management and Peace Science, 40*(3), 239-259. https://doi.org/10.1177/07388942221147508.

Ang Bayan. (2022, Marso 7). Pagmomodyul, estilong-BHB. *Ang Bayan.*

_____________. (2022, Nobyembre 21). Litnum ng Hukbong Bayan sa Isabela. *Ang Bayan.*

_____________. (2021, Pebrero 7). Mass base consolidation in Cagayan Valley: strength found on agrarian revolution. *Ang Bayan.*

_____________. (2020, Enero 7). Kampanyang militar at paglaban ng masa sa Delta Serra. *Ang Bayan.*

_____________. (2020, Abril 7). NPA Covid-19 response: Mass clinics, food aid production. *Ang Bayan.*

_____________. (2020, Setyembre 21). The masses and people's army implement measures against hunger and pandemic: Health protocols and production. *Ang Bayan.*

_____________. (2019, Enero 21). NPA-NCMR successfully conducts medical conference. *Ang Bayan.*

_____________. (2019, Pebrero 7). People's democratic government established in Brgy. Sugar. *Ang Bayan.*

_____________. (2019, Nobyembre 21). Pagpupundar ng Pulang kapangyarihan sa Delta Serra. *Ang Bayan.*

_____________. (2019, Disyembre 21). Ang rebolusyonaryong kilusan sa panahon ng kalamidad. *Ang Bayan.*

Arjona, A., Kasfir, N., & Mampilly, Z. (2015). *Rebel Governance in Civil War.* Cambridge University Press.

Caouette, D. (2004). *Persevering Revolutionaries: Armed Struggle in the 21st Century: Exploring the Revolution of the Communist Party of the Philippines* [Di-nakalimbag na disertasyong doktoral]. Cornell University.

Castro, L. (2017, Enero-Marso). PKM: Wellspring of the NPA. *Liberation, 34*(1), 26-28.

Communist Party of the Philippines. (2016). CPP Constitution and Program. https://philippinerevolution.nu/2016/11/07/cpp-constitution-and-program/

_______________. (1977). Gabay sa Pagtatatag ng Demokratikong Gubyernong Bayan.

De Guzman, P. (2018, Enero-Marso). An empowered peasantry. *Liberation, 35*(1), 10-13.

Encarnacion-Tadem, T., & Samson, L. (2010). *Marxism in the Philippines: Continuing Engagements.* Anvil Publishing Inc.

Felipe, T. (2018, Enero-Marso). NDFP's CASER: a call for economic sovereignty and social justice. *Liberation, 35*(1), 15-19.

Gambao, P. (2017, Abril-Setyembre). Revolutionary taxation serves the masses, advances the revolution. *Liberation, 34*(2-3), 41-44.

Gambao, P. (2018, Enero-Marso). Justice is the heart of revolution. *Liberation, 35*(1), 19-22.

Guda, K. (2007). "A para sa Armalayt": Ilang Tala Hinggil sa Rebolusyonaryong Edukasyon. Nasa Lumbera, B., Guillermo, R., & Alamon, L. (mga pat.), *Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines (*pp. 329-334). IBON Philippines.

Han Dongping. (2008). *Unknown Cultural Revolution: Life and Change in a Chinese Village.* Monthly Review Press.

Hawes, G. (1990). Theories of Peasant Revolution: A Critique and Contribution from the Philippines. *World Politics, 42*(02), 261–298. https://doi.org/10.2307/2010466.

Heger, L., & Jung, D. (2017). Negotiating with Rebels: The Effect of Rebel Service Provision on Conflict Negotiations. *Journal of Conflict Resolution, 61*(6), 1203-1229. https://doi.org/10.1177/0022002715603451.

Jalandoni, L.G. (2017, Setyembre). Memories of the Hague Joint Declaration. *Liberation, Special Issue,* 7-8.

Kasfir, N. (2015). Rebel Governance – Constructing a Field of Inquiry: Definitions, Scope, Patterns, Order, Causes. In A. Arjona, N. Kasfir, & Z. Mampilly (mga pat.), *Rebel Governance in Civil War* (pp. 21–46). chapter, Cambridge University Press.

Keister, J., & Slantchev, B. (2014). Statebreakers to Statemakers: Strategies of Rebel Governance. https://pages.ucsd.edu/~bslantchev/wp/pdf/RebelGovern-W079.pdf

Liberation Staff. (2017, Abril-Setyembre). Peace (Talking) Heads: An Interview with Satur Ocampo, Luis Jalandoni, and Fidel Agcaoili. *Liberation, 34*(2-3), 24-40.

Liberation staff. (2017, Oktubre-Disyembre). The New People's Army fight vs. drugs. *Liberation, 34*(4), 37-41

Liberation staff. (2018, Enero-Marso). Some laws and regulations in a guerilla zone. *Liberation, 35*(1), 14.

Liberation staff. (2021, Enero-Marso). NPA and masses continue to build and strengthen revolutionary mass bases. *Liberation, 38*(1), 33-38.

Loyle, C. E., Cunningham, K. G., Huang, R., & Jung, D. F. (2023). New Directions in Rebel Governance Research. *Perspectives on Politics, 21*(1), 264–276. https://doi.org/10.1017/S1537592721001985

Makalipay, I. (2017, Abril-Setyembre). The National Minorities and the national democratic revolution. *Liberation, 34*(2-3), 20-23.

Makalipay, I. (2021, Enero-Marso). In PH guerilla zones: how the revolutionaries respond to pandemic. *Liberation, 38*(1), 5-11.

Mao Zedong. (1937). *On Guerilla Warfare.* https://www.marxists.org/reference/archive/mao/works/1937/guerrilla-warfare/

____________. (1934). *Be Concerned with the wellbeing of the masses, pay attention to the methods of work.* https://www.marxists.org/reference/archive/mao/selected-works/volume-1/mswv1_10.htm

National Democratic Front of the Philippines. (1973). 12 Points of the NDFP Program. https://liberation.ndfp.info/our-program/

National Democratic Front of the Philippines. (2017). Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms. https://philpeacecenter.wordpress.com/wp-content/uploads/2017/03/caser-draft-as-of-1701-12-exchanged-with-grp.pdf

Ocampo, S. (2011, Marso 23). Some Lessons in the Peace Process in the Philippines [transcript ng talumpati]. https://www.cenpeg.org/2011/gov/mar/Lessons_in_Peace.pdf

Office of the Presidential Adviser on Peace, Reconciliation, and Unity. (w.p.). *Frequently Asked Questions on the GPH-CPP/NPA/NDF.* https://peace.gov.ph/cpp-npa-ndf/faqs/

Pambansa-Demokratikong Paaralan. (2005). *Ang Organo ng Demokratikong Kapangyarihang Pampolitika.* https://www.scribd.com/document/534919815/ODKPpraymer.

______________. (2019). *Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino* [ika-4 na edisyon]. https://aklatangtibak.wordpress.com/wp-content/uploads/2020/09/maikling-kurso-sa-lipunan-at-rebolusyong-pilipino-4th-edition.pdf

Patnubay de Guia. (2023). *Mga piling artikulo hinggil sa demokratikong gubyernong bayan.* https://philippinerevolution.nu/wp-content/uploads/2023/06/Tugon-ni-PdG-Mga-piling-artikulo-hinggil-sa-Demokratikong-Gubyernong-Bayan.pdf

Péclard, D., & Mechoulan, D. (January, 2015). *Rebel Governance and the Politics of Civil War.* https://www.swisspeace.ch/assets/publications/downloads/Working-Papers/3b4a3caa24/Rebel-Governance-and-the-Politics-of-Civil-War-Working-Paper-15-swisspeace-didier_peclard.pdf

Quimpo, N. G. (2014). 'Revolutionary Taxation' and the Logistical and Strategic Dilemmas of the Maoist Insurgency in the Philippines. *Journal of Asian Security and International Affairs, 1*(3), 263-287. https://doi.org/10.1177/2347797014551267

Rutten, R. (1996). Popular Support for the Revolutionary Movement Cpp-Npa: Experiences in a Hacienda in Negros Occidental, 1978-1995. In P. Abinales (Ed.), The Revolution Falters: The Left in Philippine Politics after 1986 (pp. 110-153). Ithaca, NY: Cornell University Press. https://doi.org/10.7591/9781501719028-006

Rubin, M. (2020). Rebel Territorial Control and Civilian Collective Action in Civil War: Evidence from the Communist insurgency in the Philippines. *Journal of Conflict Resolution, 64*(2-3), 459-489. https://doi.org/10.1177/07388942221147508.

Schreier, M. (2012). *Qualitative Content Analysis in Practice*. SAGE.

Sison, J.M. (1968). Philippine Society and Revolution. *Marxists Internet Archive.* https://www.marxists.org/history/philippines/cpp/guerrero/1970/psr.htm

Sison, J.M. (1991). The NDF Framework in Contrast with the GRP Framework. Nasa De Lima, J. (pat.), *Sison Reader Series #9—On the GRP-NDFP Peace Negotiations.* INPS.

Sison, J.M. (2012). Philippine Revolution and Just Peace: Prospects in the Global Context. Nasa J. de Lima (Pat.), *On the People's Democratic Revolution.* International Network for Philippine Studies.

Sison, J.M. (2017, Setymebre). The Hague Joint Declaration as framework agreement and continuing validity in the GRP-NDFP peace negotiations. *Liberation, Special Issue,* 1-6.

Stitcher, V. (2021). Negotiating Peace with your Enemy: The Problem of Costly Concessions. *Journal of Global Security Studies, 0*(0), 1-20. https://doi.org/10.1093/jogss/ogaa054.

South, A. (2017). "Hybrid Governance" and the Politics of Legitimacy in the Myanmar Peace Process. *Journal of Contemporary Asia, 48*(1), 50-66. https://doi.org/10.1080/00472336.2017.1387280.

Stewart, M. (2017). Civil War as State-Making: Strategic Governance in Civil War. *International Organization, 72*(1), 1-22. https://doi.org/10.1017/S0020818317000418.

Teiner, D. (2022) Rebel governance: a vibrant field of research. *Z Politikwiss, 32*, 747–766. https://doi.org/10.1007/s41358-022-00328-0

Weekley, K. (2001). *The Communist Party of the Philippines, 1968-1993: A story of its theory and practice.* University of the Philippines Press.

Wickham-Crowley, T.P. (1987). The rise (and sometimes fall) of guerrilla governments in Latin America. *Sociological Forum, 2,* 473-499. https://doi.org/10.1007/BF01106622.

## APENDISE A

**Tal. 1.** ***Coding frame*** **na ginamit sa pangongolekta at pagsusuri ng datos**

| Kategorya o *code* | Kahulugan | Pinaghalawan |
|---|---|---|
| Rebolusyonaryong gubyerno | Organo ng paggugubyerno na itinatatag sa antas baryo, inter-baryo, o munisipalidad, at magiging pambansa sa tagumpay ng rebolusyon, na nangangasiwa sa rebeldeng teritoryo at iba't ibang komite ng pamamahala | PADEPA, 2005; Valbuena, 2023 |
| Rebeldeng pamamahala | Nakabatay sa kondisyon ng kontrol ng mga nag-iinsurhensiya sa teritoryong may nakatirang sibilyan at pagbubuo o paghihikayat sa mga estrukturang sibilyan na nagpapatupad ng pamamahala sa loob ng rebeldeng teritoryo upang lalong isulong ang usapang pangkapayapaan at digmang bayan | Kasfir, 2015, p. 27; CPP, 2016; NDFP, 1973; Mao, 1937 |
| Aktuwal o posibildad ng karahasan | Mga kilos na maaaring makasama sa makakatanggap nito, maaaring mga pwersa ng estado o mga sibilyan, para sa isang tiyak na layunin (gaya ng karahasan, pagpapakita ng dominasyon, o pagbigwas sa larangang militar) | Kasfir, 2015, p. 30-31 |
| Kontrol sa teritoryo | "Kapasidad ng rebeldeng grupo na paalisin ang mga kaaway nito sa isang ispesipikong erya" | Kasfir, 2015, p. 26; Rubin, 2020 |

| | | |
|---|---|---|
| Pakikitungo sa mga sibilyan | "Ang [dominasyon] ay ang antas ng pagsunod ng mga sibilyan sa mga nag-iinsurhensiya sa loob ng teritoryong kontrolado ng huli"<br><br>Kabilang sa tatlong batayang elemento ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) na mas kilala bilang pagbubuo ng baseng masa | Weber, 1978, p. 901 (nasa Kasfir, 2015, p. 26); PADEPA, 2019 |
| Pamamahagi ng serbisyo | Bahagi ng rebeldeng pamamahala o institusyon na maaaring magbunsod sa katapatan (*loyalty)* o suporta ng mga sibilyan; kabilang rito ang edukasyon, kalusugan, batas at hustisya, internal na depensa o pamumulis, pinansya, kalamidad, at serbisyong pampubliko | Keister at Slantchev, 2014, p. 7; Heger at Jung, 2017, p. 1212; Stewart, 2017, p. 12; Albert, 2023, p. 244; Sison, 2012 |
| Haraya | Mga ideya, teorya, prinsipyo, o artikulasyon ukol sa isang partikular na aspekto ng rebeldeng pamamahala | Ideya ng awtor |
| Praktika | Mga kaparaanan, halimbawang kaso, praktika, o naratibo ng rebeldeng pamamahala | Ideya ng awtor |